Please credit: PinoyGlobal

PRESS RELEASE

PinoyGlobal Online News
FILIPINO IMAGE MAGAZINE
SINCE 1987 • WASHINGTON, D.C.

NONOY MENDOZA, Editor & Publisher
Mailing Address :
P.O. BOX 40068 • WASHINGTON, D.C. 20016 • U.S.A.
OFFICE: (202) 370-6446 • FAX: (703) 465-8708
EMAIL: nonoymendoza@filamimage.com
WEB SITE: http://www.filamimage.com

MEMBER: PNA PhilippineNewsAgency

Member Since 1993

Jong Manlapaz Jr.

Writer
PinoyGlobal
Manila, Philippines

Manny Pacquiao, World Best Fighter, Philippines Best Lawmaker?

Manila, Philippines, May 04 (PinoyGlobal) - Nakatakdang muling sumabak sa laban ang pound for pound king na si Manny Pacman Paquiao pero sa ibang Arena at hindi sa boxing, ito ay nakatakda sa May 11, 2010, congressional Election sa Pilipinas.

Sa record ni Paquaio sa pagsabak sa politika, win O, lost 1, draw 0, pero batay sa mga ulat, kung na T.K.O. ni South Cotabato 1st Dist. Darlene Antonio Custodio ang King of the Ring, sa unang round pa lamang ng bilangan ng balota noong 2007 election, susubukan naman umano ng pambato ng Pilipinas sa boxing ang distrito ng Saranggani.

Kung sakaling matuloy si pacman sa politika, hindi naman umano masama, pero sa payo ni Speaker Prospero Nograles, dapat samantalahin ni Pacquiao ang "peak" ng kanyang career bago sumabak sa politika.

"One or two more big fights and running for politics would be ok, make the most of it while he is on his peak. Make all the records and break the legends first," ani Nograles na nanuod sa laban ni Pacaman sa Las vegas.

Pinayuhan naman ni Akbayan Rep. Risa Hontiveros na huwag na nitong pangarapin pa na tumapak sa plenary hall bilang kinatawan ng isang distrito, dahil baka lamang umano magamit ito, at madungisan pa ang magandang tinggin sa kanya ng sambayanang Pilipino.

"Huwag sya sana magpagamit sa kung kanino mang pulitiko at huwag na sya sanang pumusok sa pulitika. Madudungisan ang paghanga sa kanya ng sambayanan kung papasok sya sa pulitika, Marami pang laban si Pacman, pero sa totoo lang hindi dito kasama ang pulitika." Paliwanag nito.

Pero kung tatanungin mo ang dalawa pang Partylist Representative ng kongreso, hindi sila tutol na makipagbakbakan si Pacquiao sa politika,

"If Manny Pacquiao wants to run for Congress, he has all the right to run for Congress. Kung talagang gusto niyang magsilbi sa mamamayan bilang isang kinatawan ng isang distrito o isang party-list there's nothing to stop Pacquiao from running for Congress," ayon kay Bayan Muna partylist Rep Casino.

Sinabi naman ni Butil Rep. Irwing Tieng, "lahat naman tayo ay may karapatan tumakbo. At isa pa malaki ang matutulong nya sa mga mamamayan ng kanyang distrito dahil hindi na nya kailangan ng pera kaya lahat ay mapupunta sa tao."

Ganun paman pinayuhan na lamang ni Casino si Pacman, na huwag tumulad sa "trapo" o traditional politician.

"Kung anong klaseng training ang inilaan nya sa kanyang boxing ganun katinding training din ang ilaan nya sa kanyang pulitika. Make sure that he truly represents the interest of the people of whatever district he will have, I think it's Saranggani. Maraming dirty tricks sa boxing, marami ring dirty tricks sa pulitika. Sana maging clean player si Pacquiao sa pulitika."

Malaki naman ang paniniwala ni South Cotabato Rep. Darlene Antonino-Custodio na kahit pa mag-ibang lalawigan si people's champion Manny "Pacman" Pacquiao mananatili umano itong dugong General Santos, kahit lumipat na ito ng tirahan sa Saranggani kung saan matunog itong tatakbong kongresista ng lalawigan.

"Kahit sa Sarangani na siya, I know pusong Gen San pa rin si Manny and we're so proud of him. He's still our hero," ani ng Lady Solon. si Antonino-Custodio ang nagpaknock out kay Pacquiao noong 2007 congressional elections sa General Santos.

Matatandaan sa paghaharap ni Pacquiao at Ricky "hitman" Hatton, ipinakilala ng ring announcer na si Michael Buffer ang pambansang kamao bilang residente ng Saranggani at hindi General Santos City na karaniwang binabanggit sa lahat ng mga laban ng pambansang kamao.

"Wala akong sama ng loob kay Manny, pati ang mga taga-Gen San walang sama ng loob sa kanya dahil alam naman namin na inilipat na niya ang kanyang residency sa Sarangani," dagdag pa Antonino-Custodio.

Bilang pagkilala naman sa kagitingan ni Paquaio sa larangan ng boxing, át sa pagbibigay karangalan sa bansa, minungkahi ni Tieng na kailangan maisama na sa korikulom sa paaralan ang naging buhay at tagumpay ng pambansang kamao sa boxing, at kung paano nito binigyan karangalan ang naghihikahos nating bayan.

"Sa laki ng kontribusyon ni Manny(paquiao) sa ating bayan, dapat lang na masuklian natin to sa pagbibigay parangal sa kanya. Dapat din malaman ng ating mga kabataan ang buhay nya na nagsimula saw ala, hanggang naging worlds greatest boxer" ani Tieng.

Matatandaan na pinatulog ni Pacman si junior welterweight champion Ricky "The Hitman" Hatton sa ikalawang round ng kanilang laban kamakalawa sa MGM Grand Garden Arena sa Las